ORATIO IMPERATA PARA SA PAGGALANG SA BUHAY NG TAO

Ama naming mapagmahal, / Ikaw ang lumikha at nagmamahal sa lahat ng buhay. / Nilikha at hinubog mo ang bawat tao / na iyong kawangis at kalarawan. / Pagkalooban mo kami ng lakas at tapang / upang ipagtanggol at pangalagaan ang buhay ng tao / mula sa sinapupunan hanggang sa kusang pagpanaw nito. / Nagsusumamo kami sa iyo / para sa iyong awa, lakas, at kapayapaan / sa lahat ng nasangkot sa aborsiyon. / Tulutan mong maging handa kami / upang tulungan na maibsan ang kapighatian / at hirap ng mga kababaihang dumadanas / ng tindi ng suliranin sanhi ng kanilang pagdadalang-tao. / Ipinapanalangin din namin ang aming mga pinuno at mambabatas, / upang sila'y gabayan ng biyaya ng Espiritu Santo / na manindigan ayon sa pananampalataya sa Iyo / sa pagharap nila sa usaping ito. / Mahal na Birhen, aming maibiging Ina, / ipinagkakatiwala namin sa iyo / ang mga mithiin namin para sa buhay. /Hinihiling namin ito / sa pamamagitan ni HesuKristong aming Panginoon. / Amen!

Mahal na Birhen ng Guadalupe, Ipanalangin mo kami!
Santa Rosa ng Lima, Ipanalangin mo kami!
San Lorenzo Ruiz, Ipanalangin mo kami!